



# MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-8 ng Marso, 2021

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

## NAGSIMULA NA ANG MAAGANG PAGBOTO PARA SA ELEKSYON NG DISTRITO NG IKA-79 NA ASEMBLEYA

Nakatira ba kayo sa Distrito ng Ika-79 na Asembleya? Kung gayon, ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa [Kearny Mesa](#) ay bukas na ngayon para sa maagang pagboto mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes para sa Espesyal na Primaryang Eleksyon ng Distrito ng Ika-79 na Asembleya ng Estado sa Ika-6 ng Abril.

[Maging handa](#). Dalhin ang inyong face mask at planuhin na panatilihin ang social distance. Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay sumusunod sa mga public health order ng County at magkakaloob ng mga makatwirang accommodation kung kailangan upang siguruhing ang kalusugan at kaligtasan ng lahat ng mga manggagawa sa eleksyon, mga botante at mga observer sa kanilang opisina.

Ang mga nakatira lamang sa Ika-79 na Distrito ang maaaring bumoto sa eleksyon. Ang area ay kinabibilangan ng southeastern San Diego, mga lungsod ng La Mesa at Lemon Grove, at mga bahagi ng Chula Vista, Bonita, at National City. Hindi sigurado kung kayo ay nakatira sa distrito ng Ika-79 na asembleya? Maaari ninyong malaman [dito](#).

Mahigit sa 300,000 mga balotang pangkoreo ang ipinadala sa mga nakarehistrong botanteng nakatira sa Ika-79 na Distrito. Habang nagsisimula ng dumating sa mga mailbox ang mga balotang pangkoreo, hinihikayat ng Tagapagrehistro ang mga botante na kumilos nang maaga at gumawa ng mga desisyon sa pagboto mula sa kanilang tirahan nang komportable at ligtas.

Maaari ninyong ibalik ang inyong minarkahang balota na nasa pre-paid postage na sobre sa anumang [opisina ng U.S. Postal Service o collection box](#). Ang mga botante na binalik ang kanilang balotang pangkoreo sa pamamagitan ng U.S. Postal Service ay maaaring i-track ito sa pamamagitan ng pag-sign up para sa [“Nasaan Ang Aking Balota?”](#).



COUNTY OF SAN DIEGO

# MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-8 ng Marso, 2021

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Simula Lunes, Ika-29 ng Marso, magkakaroon din kayo ng opsyon na i-drop off ang inyong balota sa isa sa maraming mail ballot drop-off location sa buong distrito. Ang isang listahan ng [mga lokasyon](#) ay nasa loob ng inyong pakete ng balotang pangkoreo.

Kung hindi pa ninyo natatanggap ang inyong balotang pangkoreo sa Ika-16 ng Marso tumawag sa opisina ng Tagapagrehistro sa (858) 565-5800.

Para dagdagan ang kaalaman tungkol sa [Bumoto Nang Mas Ligtas San Diego](#) at pagboto sa Espesyal na Eleksyon ng Distrito ng Ika-79 na Asembleya ng Estado, bisitahin ang [sdvote.com](#) o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTY**NEWS**CENTER

